*St. Joseph's Institute, Inc.*
Candon City, Ilocos Sur

**GRADE SCHOOL DEPARTMENT**
School Year 2021-2022

---

Quarter 1
# SELF-LEARNING MODULE 1
Week 1-2

**EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN 4**

*Providing Alternative Uninterrupted Learning Instruction in the New Normal Education*

# ENTREPRENEUR



______________________________
Learner's Name:

______________________________
Grade Level and Section:

MR. DOMINADOR H. SOLIVEN, JR
Writer

LIVEWORKSHEETS

## CURRICULUM CONNECTIONS

| | |
|---|---|
| **Life Performance Outcome (LPO):** | **LPO1: May bukas na kamalayan, may direksyong pansarili at mabuting huwaran**<br><br>Ako ay may bukas na kamalayan, direksyong pansarili, mabuting huwaran at isinasabuhay ang pananampalataya |
| **Program Outcome (PO):** | PO3: Utilize their technical, communication, interpersonal, and teamwork skills in planning, executing, and evaluating a proposed project or venture that represents an economically viable and sustainable career pathway for themselves and benefits their local community. |
| **Essential Performance Outcome (EPO):** | **EPO3**: Describe the new abilities they have developed as the result of self-initiated projects and learning experiences |
| **Content:** | Nailalarawan and mga bagong kakayahan na nalinang sa pamamaraan pang-unawa sa konsepto ng "entrepreneurship"para mapahusay ang isang produkto upang maging iba sa iba. |
| **Performance Standards:** | Ang bawat Paulinong mag-aaral ay nailalarawan ang mga bagong kakayahan na nalinang sa pamamagitan ng pagentrepreneur para mapahusay ang isang produkto upang maging iba sa iba. |
| **Learning Outcomes/MELC:** | **Pagkuha ng Kaalaman at Kasanayan**<br>Natutukoy ang kahulugan ng entrepreneurship<br><br>**Pagpapakahulugan**<br>naipaliliwanag ang kahulugan at kahalagahan ng "entrepreneurship" (EPP4IE-0a-1)<br><br>natatalakay ang mga katangian ng isang entrepreneur (EPP4IE-0a-2)<br><br>natatalakay ang iba't-ibang uri ng Negosyo (EPP4IE-0a-4)<br><br>**Paglilipat**<br>Nailalarawan and mga bagong kakayahan na nalinang sa pamamaraan *pang-unawa sa konsepto ng "entrepreneurship"*para mapahusay ang isang produkto upang maging iba sa iba. |

## PANIMULA:

Paano ka makakatulong sa iyong mga magulang sa aspetong financial kahit na ika'y bata pa? Ano ang magagawa mo upang makatulong sa iyong mga magulang? May plano ka bang magpatakbo ng isang negosyo? Kung oo ang iyong sagot, sa iyong palagay ano nga ba ang mga katangiang makakatulong sa pagtatag at pagpapatakbo ng isang negosyo? Layunin ng aralin na ito na ituro ang pagnenegosyo na makakatulong sa inyong pamilya. Sa araling ito tinatalakay ang pagnenegosyo, at ang mga katangian ng isang entreprenyur upang makatulong at makapagsimula ng negosyo.



LIVEWORKSHEETS

## PANIMULANG PAGTATAYA

### Ano ba ang Entrepreneur at bakit ito mahalaga?

**Ipagpalagay mo na may kapit bahay kang may negosyo ng mga damit. Nakikita mo na maraming bumibili ng damit dahil mababa ang presyo ng mga ito. Ngunit, pagkalipas ng isang lingo, tumaas and presyo ng mga damit.**

1. Ano ang magiging epekto nito sa mamimili?

 ______________________________________________________________________________

2. Ano sa palagay mo ang katangian ng may-ari ng tindahan?

 ______________________________________________________________________________

3. Sa palagay mo makakatulong kaya sa pagsulong ng kabuhayan ang ganitong uri ng may tindahan?

 ______________________________________________________________________________

4. Ano ang masasabi mo sa pagiging entrepreneur niya?

 ______________________________________________________________________________

5. Gusto mo ba siyang tularan?

 ______________________________________________________________________________

## PAGTALAKAY:

**Entrepreneurship**

- ito ay hango sa salitang French na "entreprenda" na nangangahulugang "isagawa".
- Ito ay ang pagtatatag, pagpapatakbo, at pagppalago ng isang negosyo.
- Ito rin ay ang pag-oorganisa ng mga tao, pondo, ari-arian, trabaho, at materyales upang kumita ng pera.

**Entrepreneur**

- isang indibidual na nagsasaayos, nangangasiwa at nakikipagsapalaran sa isang negosyo.
- isang tao na namumuhunan, nagtatatag, at nagpapatakbo ng isang negosyo.
- isang tao na nag-uumpisa ng negosyo at handang umako ng panganib ng pagkalugi upang kumita ng pera.

**Katangiaan ng isang *entrepreneur***

**1. Kakayahang makipagsapalaran**
- bago pumasok sa isang larangan , ang isang indibidwal ay nararapat magsagawa ng malalimang pag-aaral at pagsusuri hinggil sa mga oportunidad at panganib na maaaring idulot ng pagnenegosyo

**2. Pagnanais na makipagkompitensya**
- hangad ng isang indibidwal ang lumahok sa isang kompetetibong larangan upang mailapat ang bagong ideya.

**3. Pagiging malikhain**
- ang pagiging malikhain sa mga produkto at serbisyo ay bentahe ng isang indibidwal laban sa iba



LIVEWORKSHEETS

**4. Kakayahang magpatupad ng isang inobasyon**
- ang isang indibidwal ay naikakahon ng mga pamantayan .Sa halip, mga bagong kaisipan upang maihatid ang mga iło sa mamimili.

**5. Kakayahang makatayo sa sariling paa**
- ang pagnanais na makapagsulong ng pagbabago ay siyang nagtutulak sa mga entreprenyur upang linangin ang kanilang pagiging malaya sa bagay.

**6. Kakayahang maangkop sa stress**
- kailangan nilang mapagtantong bahagi ng kanilang gawain ang stress kung kaya nararapat na wasto at akma ang pagharap dito.

**7. Kakayahang gawing kasiyasiya ang trabaho**
- ang isang indibidwal ay nararapat na may sigla anuman ang kanyang ginagawa .

**8. Masidhing pagsusumikap**
- ang pagpupunyagi ng isang indibidwal sa pagnenegosyo ay nakabatay sa dignidad ng kanyang gawain at husay na ipinamamalas ;ang mga łamad ay walang mararating kailanman

**9. Pagkakaroon ng kababaang loob**
- sa kabila ng estado sa buhay , ang pagpapakumbaba ay isang katangian dapat ipamalas ng isang indibidwal ;anumang uri ng gawain ay nararapat na buong pusong isakatuparan.

**10. Kakayahang magtiwala sa sarili**
- sa kabila ng mga kabiguan, nanatiling optimistiko ang mga entreprenyur na magiging maayos din ang lahat

**11. Pagkakaroon ng pagkukusa**
- dahil sa kanilang sariling pagkukusa , batid ng isang indibidwal kung ano ang kanyang nararapat tunguhin.

**12. Pagiging matulungin**
- sa pamamagitan ng pagtulong sa ibang tao, naipapakita ng entreprenyur ang kanyang malasakit sa mga taong nakapaligig sa kanya

**13. Kakayahang lunasan ang mga suliranin sa isang malikhaing paraan**
-ang pagpapasya ay bahagi ng pagnenegosyo kung kaya nararapat isaalang-alang ang lahat ng mga salik bago tugunan ang mga nakaambang suliranin

**14. Kakayahang mapagtanto ang isang pagkakataon**
- batid ng isang entreprenyur kung ano ang tamang produkto at serbisyo para sa akmang lugar, akmang panahon at wastong halaga.

**15. Dedikasyon sa negosyo**
- ang dedikasyon ng isang entreprenyur sa kanyang larangan ay kadalasang susi upang maibsan ang mga hadlang at balakid sa negosyo.

**16. Paghingi ng feedback**
- mahalagang malaman ng isang entreprenyur kung ano-ano pang bagay ang nararapat pagbutihin upang umayon sa panlasa ng mga mamimili.

**17. Pagsasakatuparan ng mga layunin**
- nagiging sandigan ng isang indibidwal ang kanyang sariling kakayahan upang mapagtagumpayan ang kanyang larangang pinili.

**18. Sapat na kaalaman sa produkto at negosyo**
- bentahe para sa isang indibidwal ang magkaroon ng sapat na kaalaman hinggil sa mga bagay na kanyang ihahatid sa mga mamimili.



LIVEWORKSHEETS

**19. Wastong Kontrol sa negosyo**
- ang tagumpay ng isang negosyo ay nakasalalay sa katangiang ipinamamalas ng isang indibidwal at hindi lamang sa kapalaran , swerte ,at iba pang mga bagay na may kaugnayan dito.

**20. Makatotohanang optimismo sa mga bagay**
- ang pagtitiwala sa sarili ay nakapagdudulot ng magandang pananaw sa mga bagay sa hinaharap.

**Ang Abilidad ng Entreprenyur**

- ang abilidad ng entreprenyur ay tumutukoy sa kahandaan at kakayahan ng tao na magtayo at mapangasiwaan ang isang negosyo.
- ang abilidad ng entreprenyur ay nababatid sa balakin niya para sa kanyang negosyo.
- may mga pangunahing katanungan ang mahuhusay na entreprenyur. Ang mga ito ay ang ss:
  - ✓ Ano ang gagawing produkto?,
  - ✓ Para kanino ito?,
  - ✓ Gaano karami ito?,
  - ✓ Saan kukuha ng mga salik ng produksyon? ,
  - ✓ Kailan ito gagawin at dapat matapos?, Hanggang kailan lilikha?.
- unang mamamalas ang abilidad ng entreprenyur sa pagnanais ng isang tao na makalikha ng isang produkto. Ang produktong nais malikha ay maaaring bago (new), kahalili (substitute), katambal ng ibang produkto (compliment) , may dagdag na katangian (innovated), mababa ang presyo (economical), o kakaiba (novel).
- kung ano ang mabili o hinihinging matugunan sa isang pamilihan iyong ang kadalsang nililikha ng isang entreprenyur.

**Mga Gawain Kaugnay sa Pangangasiwa ng Tindahan:**

Magiging madali ang pangangasiwa ng tindahan bilang entrepreneur kung susundin ang sumusunod na gabay:

1. Linisin ang loob at labas ng tindahan, gayundin ang eskaparate, garapon, at iba pang lalagyan.
2. Ayusin ang paninda ayon sa uri na madaling makita at makuha kapag may bumibili.
3. Tiyaking malinaw ang pagkakasulat ng presyo sa paninda.
4. Kung pagkaing luto ang itinitinda, lagyan ng takip upang hindi dapuan ng langaw at malagyan ng alikabok.
5. Magbigay ng tamang sukli at pagkukuwenta ng binilhan.
6. Maging matapat sa pakikipag-usap sa mamimili at ipamalas ang maayos na serbisyo.

**Pagtatala ng mga Paninda:**

Para umasenso ang negosyo, kailangan ng maingat, at maayos na pagtatala ukol dito. Ang mga talaang dapat isagawa ay ang sumusunod:

a. Talaan ng pagbibili. Makikita sa talaang ito ang mga panindang mabilis na nabibili o nauubos.
b. Talaan ng mga binibiling paninda. Ito ay talaan ng mga panindang napamili at panindang laging binibili.
c. Talaan ng mga panindang di nabibili. Nalalaman dito ang mga panindang nakaimbak at hindi mabili.

**Pagtitinda ng mga produkto:**

Ang mga produkto ninyo ay maaaring maipagbili sa mga kaibigan, kamag-aral, guro, kapitbahay, at magulang. Ang kasanayan at kaalaman ay malilinang tungo sa wastong paraan ng pagtitinda.

Ang mga produktong nagawa ay maaaring ilagay sa estante nang madaling makita nq mga nais bumili. Gumawa ng patalastas ukol sa produktong nais Ipagbili. Ang salaping kinita ay magagamit sa pangangailangan sa paaralan. Ang nalinang na karanasan sa pagtitinda ay makatutulong sa kakayahan kung nais magnegosyo.



LIVEWORKSHEETS

**Kahalagahan ng Entrepreneur:**

1. Ang mga entrepreneur ay nakakapagbigay ng mga bagong hanapbuhay.
2. Ang mga entrepreneur ay nagpapakilala ng mga bagong produkto.
3. Ang mga entrepreneur ay nakakadiskubre ng mga makabagong paraan na magpahusay ng mga kasanayan.
4. Ang mga entrepreneur ay nakakapaghahatid ng bagong teknolohiya, industriya, at produkto sa pamilihan.
5. Ang entrepreneur ay nangungunang pagsamahin ang mga salik ng produksiyon tulad ng lupa, paggawa, at puhunan upang makalikha ng produkto at serbisyo na kailangan sa ekonomiyang bansa.

## Mga Uri ng Negosyo

May apat na pangunahing estraktura ng pagmamay-ari ng negosyo. Ito ay ang mga sumusunod: Pagmamay-ari ng isang tao (*Sole Proprietorship*), Pakikipagsosyo (*Partnership*), Korporasyon (*Corporation*), at ang Kooperatiba (*Cooperative*).

1. Pagmamay-ari ng isang tao (*Sole Proprietorship*)

- Ito ay ang mga negosyo na pinapatakbo ng isang tao. Siya ang namumuhunan at siya din ang nagmamanage nito.
- Ang ganitong uri ng negosyo ay inirerehistro sa DTI o *Department of Trade and Industry*.

Halimbawa:

a. Sari-Sari store
b. Barber shop
c. Maliliit na printing press
d. Pika-pika food cart
e. Dirty ice cream vendor

2. Pakikipasgsosyo (*Partnership*)

- Ito ay Samahan ng dalawa o higit pang negosyante na nagsama ng kanyang mga resources upang makapagsimula ng negosyo. Sila ay tinatawag na partners. Sila ay may tinatawag na Aticles of incorporate na kung saan doon nakasulat ang napagkasunduan ng magpartners
- Ito ay nakarehistro sa DTI, Securities and exchange Commission (SEC) at local na pamahalahan.

Halimbawa:

a. Botika na binuo ng mga doctor.
b. Lending (pautangan) na ginawa ng mga gustong maginvest ng pera.
c. Review center na itinatag ng mga expert
d. Lawyers na bumuo ng isang opisina upang maging one stop shop.
e. Mga beauty parlor na itinayo ng pinagsamasamang beautician.

3. Korporasyon (*Corporation*)

- Ito ay legal na kumakatawan na ganap nang nakahiwalay mula sa mga may-ari nito.
- *Shareholders* ang tawag sa namumuhunan sa negosyong ito.
- Ang korporasyon ay makikilala sa pamamagitan ng mga terminong; Ltd, Inc, at Corp.

Halimbawa:

a. Coca-cola company
b. Toyota motor corporation
c. Google



LIVEWORKSHEETS

4. Kooperatiba (*Cooperative*)

- Ito ay Samahan ng mga negosyante na may parehong interest. Ito ay samahan ng mga tao na may parehong adhikain o mithiin.
- Ito ay nakarehistro sa Cooperative Development authority (CDA)

Halimbawa:

a. Multi-purpose cooperative
b. Teachers cooperative
c. Credit cooperative
d. Consumers cooperative
e. Credit cooperative

**PAGPAPALALIM**

**Pagsasanay 1:** Gamit ang salitang PERA gumawa ng Acronym ng kagatangian na dapat taglay ng isang Entrepreneur.

**P –**

**E –**

**R –**

**A –**

**Pagsasanay 2:** Saguting ang mga katangongan.

1. Magbigay ng iyong karanasan na kung saan naipakita mo ang katangian ng isang entreprenyur.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Bakit kinakailangan irehistro sa pamahalaan ang isang negosyo?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

3. Magbigay ng iyong karanasan na kung saan naipakita mo ang katangian ng isang entreprenyur.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



LIVEWORKSHEETS

## PAGLILIPAT

**Pagsasanay 1:** Bilugan ang letra ng tamang sagot!

1. Alin ang hindi kabilang sa magagandang katangian ng isang entreprenyur.

   a. masigla  b. tamad  c. masigla

2. Ito ang tawag sa isang tao na namumunuhan at nakikipagsapalaran.

   a. empleyado  b. may-ari ng kompanya  c. entreprenyur

3. Isang uri ng negosyo na pagmamay-ari ng iisang tao lamang.

   a. *sole proprietorship*  b. korporasyon  c. kooperatiba

4. Ito ay pagtatatag, pagpapatakbo, at pagpapalago ng isang negosyo.

   a. entreprenyur  b. negosyo  c. *entrepreneurship*

5. Alin ang hindi kauri tungkol sa pag-aari ng negosyo.

   a. *supermarket*  b. pakikipagsosyo  c. korporasyon

6. Alin sa ibaba ang kinakailangan upang mapagtagumpayan ang mga pagsubok sa buhay.

   a. katamaran  b. kahinaan ng loob  c. sipag at tiyaga

7. Ito ang tawag sa namumuhanan sa isang korporasyon.

   a. entreprenyur  b. *shareholders*  c. negosyante

8. Dito inirerehistro ang isang kooperatiba.

   a. DTI  b. BIR  c. CDA

9. Ang magaling na entreprenyur ay

   a. nakikipagsalaran

   b. nakikipagkalakaran

   c. lahat ng nabanggit

10. Ito ay isang katangian ng isang entreprenyur na kung saan nakagagawa siya ng bago o magandang produkto.

    a. organisado  b. malikhain  c. masipag

**Pagsasanay 2**: Pumili ng isang entrepreneur sa inyong pamayanan o barangay at kapanayamin mo siya tungkol sa kanyang "success story" maaring gamiting ang mga sumusunod na tanong sa pakikipanayam:

a. Ano ang pangunahing paninda o serbisyo?
b. Ano-ano and dapat katangian ng isang entrepreneur para lumago ang kaniyang Negosyo?
c. Ano ang kabutihang hatid ng Negosyo sa kanilang pamilya at pamayanan?

pagkatapos ay gumawa ng isang **maikling kwento** tungkol sa kanyang buhay negosyante. I-encode ito sa *short bond paper (***Bookman Old Style 12).** Ipasa ito sa sjisolivendominador@gmail.com sa itinakdang araw ng guro.



LIVEWORKSHEETS

**BUOD**

- Ang *entrepreneurship* ay maituturing na pagtatatag, pagpapatakbo, at pagpapalago ng isang negosyo.
- Ang *entrepreneurship* ay maituturing na mahalag sa sarili, pamilya, pamayanan at bansa dahil nakakatulong ito sa pamayanan ng bansa.
- Mayroong tatlong uri pangunahing hanay ng katangian ng isang entrepreneur. Ito ay ang pagkamit, pagpaplano, at kapangyarihan. Ito ay naglalarawan sa mga katangian ng isang entreprenyur.
- May apat na uri ng pagmamay-ari ng negosyo sa Pilipinas. Ito ay ang pagmamay-ari ng isang tao, pakikippagsosyo, korporasyon at kooperatiba.

**SANGUNIAN**

Book:

Mendoza, V., Faustino, A., Javier, M., Zamora, L., Sale, KF., Sta. Maria, D., Santos, JF & Alcantara, V. (2018). Edukasyong pantahanan at pangkabuhayan: Introduction to technology and livelihood education. Trinitas Publishing Inc.



LIVEWORKSHEETS